Kumuha ng Payo sa Pag-aayos, Muling Pagbubuo sa Maui Hanggang Setyembre 23

Release Date: Setyembre 13, 2023

HONOLULU –Habang naghahanda ang mga residente ng Maui na ayusin, muling itayo at i-retrofit ang kanilang mga tahanan pagkatapos ng mga sunog noong Agosto 8, nakipagtulungan ang FEMA sa Home Depot sa Kahului upang magbigay ng libreng impormasyon at mga tips sa kung paano gawing mas matatag at ligtas ang mga tahanan.

Ang mga espesyalista sa FEMA ay available upang sagutin ang mga tanong at mag-alok ng mga tips sa pagpapaganda ng bahay at mga napatunayang pamamaraan upang makatulong na maiwasan o mabawasan ang pinsala mula sa mga sakuna. Karamihan sa impormasyon ay naglalayong sa mga pangkalahatang kontraktor o sa mga gustong gawin ito para sa kanilang sarili.

Ang mga espesyalista ay available **7 a.m. hanggang 5:30 p.m. Sept. 13 hanggang Sept. 23, maliban sa Linggo, sa lokasyong ito:**

The Home Depot

100 Pakaula Street

Kahului, HI 96732

Para sa pinakabagong impormasyon sa pagbangon mula sa malaking sunog (wildfire) sa Maui, bisitahin ang mauicounty.gov at fema.gov/disaster/4724. I-follow ang FEMA sa social media: @FEMARegion9 at facebook.com/fema.